Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

MAR 3 0 2009

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 134 , s. 2009

LAKBAY-SEMINAR PARA SA PAGPAPALAGANAP NG WIKA AT PANITIKAN

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Wika ng Kultura at Agham, Inc. (WIKA) sa pakikipagtulungan sa Universidad ng Pilipinas Sentro ng Wikang Filipino-Diliman (UP SWF-Diliman) at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA) ay magdaraos ng Lakbay-Seminar para sa Pagpapalaganap ng Wika at Panitikan na gaganapin sa tatlong malalaking rehiyon sa bansa:

| Petsa | Lugar na Pagdarausan | Rehiyon |
|---|---|---|
| Abril 24, 2009 | Richie Fernando Hall, Ateneo de Naga University, Naga City | IV, V at VI |
| Mayo 29, 2009 | Regional Educational Learning Center, Kagawaran ng Edukasyon-Rehiyon X, Cagayan de Oro City | VII, VIII, Buong Mindanao (Rehiyon IX, X, XI, XII, ARMM at CARAGA) |
| Hulyo 31, 2009 | Center for Culture and the Arts Theater, St. Louis University, Baguio City | NCR, I, II, III at CAR |

2. Pangunahing layunin ng lakbay-seminar na ito ang matalakay at matukoy ang mga suliranin sa kasalukuyang sitwasyon sa pagtuturo ng wika at panitikan, at makabuo ng mga estratehiya upang mapaunlad ito. Sa pangkalahatan, layunin nitong:

a. matipon ang mga superintendent, superbisor, tagapangulo ng mga kagawaran sa Filipino;
b. matalakay ang kasalukuyang sitwasyon sa pagtuturo ng wika at panitikan sa lahat ng antas ng edukasyon;
c. makapagmungkahi ng mga angkop at napapanahong nilalaman at pamamaraan sa pagtuturo ng wika at panitikan; at
d. bumuo ng maipatutupad na mga programa, proyekto at estratehiya tungo sa mabisang pagpapalaganap ng wika at panitikan ng Pilipinas.

3. Ang mga punongguro, koordineytor, pansangay at panrehiyong superbisor ng wikang Filipino ay iniimbitahang dumalo.

4. Magbabayad ang dadalo ng Isang Libo at Limang Daang Piso (PhP1,500.00) bilang kabayaran sa rehistrasyon para sa kit, sertipiko at pagkain. Magmumula sa pondong lokal ang bayad sa transportasyon mula sa pinanggalingang institusyon o paaralan hanggang sa lugar ng seminar.

5. Ipadala ang inyong reserbasyon bago ang **Abril 20, 2009** (para sa Naga), **Mayo 22, 2009** (para sa Cagayan de Oro) at **Hulyo 17, 2009** (para sa Baguio) kay:

Dr. Jovy M. Peregrino
Sekretarya Heneral
WIKA ng Kultura at Agham, Inc.
c/o UP Sentro ng Wikang Filipino
IMC Compound, A. Ma. Regidor St., Area XI
UP Diliman, Lungsod Quezon

6. Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnay o tumawag kay G. Anj Cezar o Bb. Eilene Narvaez sa tel. blg.: (02) 426-5838, telefax blg.: (02) 924-4747, o mobile blg.: 0919-5353-090.

7. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

**VILMA L. LABRADOR**
Pangalawang Kalihim

Sanggunian:
Wala
Pagpapamudmod: 1- -(D.O. 59-97)
Ilalagay sa palagiang talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONVENTIONS
CONFERENCES
Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
TEACHERS

R-Maricar/DM-WIKA
03-24-09